# PAGPAPAYO

## PATUNGKOL SA RESPONSABLENG PAG-UTANG AT PAGSURI SA IPINAPATAW NA INTERES SA PAGKAKAUTANG

Ang **SECURITIES AND EXCHANGE COMMISSION** ("Komisyon") ay pinapayuhan ang publiko na maging responsable at maingat bago umutang o pumasok sa anumang kasunduan ng pangungutang. Gayundin, sila ay pinapayuhan na maging mapanuri sa ipinapataw na interes, multa, at iba pang halagang sinisingil ayon sa nasabing kasunduan/kontrata. Ang Pagpapayong ito ay inilabas bilang tugon sa mga reklamong natatanggap ng Komisyon ukol sa di-umano'y mataas na interes, multa, at iba pang singil na ipinapataw ng mga lending at financing na kumpanya.

Ang publiko ay pinaaalalahanan na makipag-transaksyon lamang sa mga lehitimong lending at financing companies na nabigyan ng Certificate of Authority ng Komisyon upang magpautang.

Gayundin, aming ipinaaalam sa publiko na alinsunod sa Central Bank ("CB") Circular No. 905, seryeng 1982, ang rate ng interes sa mga pautang ay hindi "regulated", kaya naman ito ay naaayon sa kasunduan ng nagpapautang at umuutang. Tinanggal ng nasabing circular ang interest rate ceiling na paunang nakasaad sa Usury Law. Dahil dito, ang mga partido sa isang kontrata ng pagpapautang ay ginagabayan ng mga probisyong nakapaloob sa nasabing kasunduan, liban na lamang kung ito ay ipa-walang bisa ng korte. Ang kapangyarihan na magpasiya sa mga di pagkakasundo tungkol sa interes at iba pang singil na napapaloob sa nasabing kontrata ay nauukol sa korte, at hindi sa Komisyong ito.

Dahil sa mga nabanggit, ang publiko ay hinihikayat na mag-ingat kung uutang o papasok sa ano pa mang kasunduan sa pagpapautang, at masusing suriin ang rate ng interes, multa, at iba pang singil base sa kani-kaniyang kakayahang magbayad. Dapat siyasating mabuti ang mga impormasyon tungkol sa interest rate, multa at iba pang singil, na kinakailangang ibigay ng mga lending at financing companies sa kanilang mga pinapautang ayon sa Republic Act No. 3765, o Truth in Lending Act.

Kung kayo ay mayroong impormasyon tungkol sa mga indibidwal o anumang grupo na nagsasagawa ng negosyong lending at financing na walang Certificate of Authority o lumalabag sa Truth in Lending Act, maaring ipagbigay- alam ito sa Corporate Governance and Finance Department ng Komisyon sa numerong 818- 5476 o 818- 5516, o isumbong ito sa imessagemo@sec.gov.ph.

Pasay City.

May 10, 2019